

Magkakabisa sa Enero 1, 2025

Kapag tumatanggap ka ng pangangalagang pang-emergency o ginagamot ka ng provider sa labas ng network sa isang ospital na nasa network o ambulatory surgical center, protektado ka mula sa biglaang pagsingil o pagsingil sa balanse.

Ano ang “pagsingil sa balanse” (paminsan-minsan tinatawag na “biglaang pagsingil”)?

Kapag nagpapatingin ka sa doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring may kailangan kang bayaran na ilang partikular na out-of-pocket na gastos, tulad ng copayment, coinsurance, at/o deductible. Tinatawag na pagbabahagi ng gastos ang mga gastos na ito. Maaaring may iba ka pang gastos o kailangan mong bayaran ang buong bayarin kung magpapatingin ka sa provider o pupunta ka sa pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng iyong planong pangkalusugan.

Tumutukoy ang “nasa labas ng network” sa mga provider at pasilidad na hindi lumagda sa kontrata sa iyong planong pangkalusugan. Maaaring pahintulutan ang mga provider na nasa labas ng network na singilin ka para sa pagkakaiba sa pagitan ng kung anong sinang-ayunan ng iyong plano na bayaran, at buong halagang sinisingil para sa serbisyo. Tinatawag itong “pagsingil sa balanse.” Ang halagang ito ay malamang na mas mataas sa iyong mga gastos sa network para sa parehong serbisyo at maaaring hindi ibilang tungo sa iyong taunang out-of-pocket na limitasyon.

Ang “biglaang pagsingil” ay hindi inaasahang bayarin sa balanse. Maaari itong mangyari kapag hindi mo makokontrol kung sino ang kasama sa pangangalaga sa iyo—tulad kapag sumakay ka ng ambulansya, nagkaroon ka ng emergency o kapag nagpaikedyul ka ng pagpapatingin sa pasilidad na nasa network pero hindi inaasahang ginamot ka ng provider sa labas ng network.

Inaatasan ang mga insurer na sabihin ka, sa pamamagitan ng kanilang mga website o kung magtanong ka, kung aling mga provider, ospital, at pasilidad ang nasa network nila. Dapat sabihin sa iyo ng mga ospital, pasilidad para sa operasyon, provider, provider ng mga pang-emergency na serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali at provider ng ambulansya sa lupa kung sa aling mga network ng provider sila lumalahok sa kanilang website o kung magtanong ka.

Protektado ka mula sa pagsingil sa balanse para sa:

Mga Serbisyong Pang-emergency

Kung mayroon kang pang-emergency na medikal na kondisyon, kondisyon sa sakit sa kalusugan ng pag-iisip o sa paggamit ng kontroladong kemikal at tumanggap ka ng mga serbisyong pang-emergency mula sa provider o pasilidad sa labas ng network, ang pinakamataas na maaaring singilin sa iyo ng provider o pasilidad ay ang halaga ng pagbabahagi ng gastos sa network ng iyong plano (tulad ng mga copayment at coinsurance). Hindi ka maaaring singilin para sa balanse sa mga serbisyong pang-emergency na ito. Kasama rito ang mga pagsakay sa ambulansya sa lupa o himpapawid, at pangangalagang matatanggap mo sa ospital o sa mga pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa panahon ng krisis sa mga taong nakakaranas ng emergency sa sakit sa kalusugan ng pag-iisip o sa paggamit ng kontroladong kemikal. Hindi ka maaaring singilin para sa balanse sa mga serbisyong pang-emergency na ito, kasama ang mga serbisyong maaari mong matanggap pagkatapos maging matatag ang iyong kondisyon.

Ilang partikular na serbisyo sa ospital o ambulatory surgical center na nasa network

Kapag tumatanggap ka ng mga serbisyo mula sa ospital o ambulatory surgical center na nasa network, maaaring nasa labas ng network ang ilang partikular na provider doon. Sa ganitong mga sitwasyon, ang pinakamataas na maaaring singilin sa iyo ng mga provider na ito ay ang halaga ng pagbabahagi ng gastos sa network ng iyong plano.

Hindi ka rin kinakailangang kumuha ng pangangalagang nasa labas ng network. Puwede kang pumili ng provider o pasilidad na nasa network ng iyong plano.

Kailan puwedeng hilingin sa iyong i-waive ang iyong mga proteksyon mula sa pagsingil sa balanse:

Hindi kailanman puwedeng kailanganin sa iyo ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, kasama ang mga ospital, provider ng mga pang-emergency na

serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, at provider ng ambulansya sa lupa o himpapawid, na isuko mo ang iyong mga proteksyon mula sa pagsingil sa balanse.

Kung mayroon kang coverage sa pamamagitan ng panggrupong planong pangkalusugan na pinopondohan ng sarili, sa ilang limitadong sitwasyon, puwedeng hilingin sa iyo ng isang provider na sumang-ayon kang i-waive ang iyong mga proteksyon sa pagsingil sa balanse, pero ikaw ay **hindi kailanman** kinakailangang ibigay ang iyong pahintulot. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong employer o planong pangkalusugan para sa higit pang impormasyon.

Kapag hindi pinapayagan ang pagsingil sa balanse, mayroon ka rin ng mga sumusunod na proteksyon:

- Responsable ka lang sa pagbabayad ng iyong bahagi ng gastos (tulad ng mga copayment, coinsurance at deductible na babayaran mo kung nasa network ang provider o pasilidad). Direktang babayaran ng iyong planong pangkalusugan ang mga provider at pasilidad sa labas ng network.
- Sa pangkalahatan, ang iyong planong pangkalusugan ay dapat:
 - Saklawin ang mga serbisyong pang-emergency nang hindi kinakailangan sa iyong paunang kumuha ng pag-apruba para sa mga serbisyo (paunang pahintulot).
 - Saklawin ang mga serbisyong pang-emergency mula sa mga provider sa labas ng network.
 - Ibatay ang kailangan mong bayaran sa provider o pasilidad (pagbabahagi ng gastos) sa kung ano ang babayaran nito sa provider o pasilidad na nasa network at ipakita ang halagang iyon sa iyong paliwanag ng mga benepisyo.
 - Bilangin patungo sa iyong deductible at out-of-pocket na limitasyon ang anumang halagang babayaran mo para sa mga serbisyong pang-emergency o serbisyo sa labas ng network.

Kung naniniwala kang mali ang pagsingil sa iyo, maaari kang maghain ng reklamo sa pederal na pamahalaan sa <https://www.cms.gov/nosurprises/consumers> o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-985-3059; at/o maghain ng reklamo sa Tanggapan ng Komisyonado sa Insurance ng estado ng Washington sa **kanilang website** o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-562-6900.

Bumisita sa <https://www.cms.gov/nosurprises> para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas.

Bumisita sa **website ng Tanggapan ng Komisyonado sa Insurance ng estado ng Washington** para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng batas ng estado ng Washington.